# Kapag nagsagawa ng wudhu ang isa sa inyo at nagsuot ng kanyang Khuff [medyas na yari sa balat], punasan niya ang dalawang ito at magdasal siya gamit ito, at huwag niya itong tanggalin kung kanyang nanaisin,maliban sa kalagayan ng Janābah

Ayon kay 'Umar-Hadith na Mawqūf-at Ayon kay Anas-sa Hadith na marfu:((Kapag nagsagawa ng wudhu ang isa sa inyo at nagsuot ng kanyang Khuff [medyas na yari sa balat], punasan niya ang dalawang ito at magdasal siya gamit ito, at huwag niya itong tanggalin kung kanyang nanaisin,maliban sa kalagayan ng Janābah))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Addaraqutni]

Kapag isinuot ng tao ang kanyang Khuff [medyas na yari sa balat] pagkatapos niyang magsagawa ng wudhu,Pagkatapos ay nasira ang wudhu niya at ninais niyang magsagawa ng wudhu,nararapat sa kanya ang pagpunas nito,at gamitin ito sa kanyang pagdarasal at huwag niya itong tanggalin.Dahil sa napapaloob rito na kahirapan at kabalisahan,kaya nararapat sa Kanya ang pagpunas rito bilang pagpapadali at pagpapagaan sa Ummah,Maliban kapag siya ay naging Junub,ma-oobliga siya sa pagtanggal ng Khuff at pagligo.Kahit sa tagal [ng limitasyon nito] ay mayroon pang natitira.At dahil rito, ang pagpupunas ay para lamang sa pagsasagawa ng wudhu.Subul Assalām(1/86) Tawdīh Al-Ahkām (1/275) Tashīl Al-Ilmām (1/165)



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee